Republic of the Philippines
**Department of Education**

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

AUG 14 2008

KAUTUSANG PANGKAGAWARAN
Blg. 59, s. 2008

## ISINAAYOS NA MGA PANLAHAT AT TIYAK NA KASANAYANG PAMPAGKATUTO SA 2002 BEC-FILIPINO SA ANTAS SEKONDARI

Sa mga: Direktor Panrehiyon
Tagapamanihala ng mga Paaralan
Pinuno ng mga Pampubliko at Pribadong Paaralang Sekondari

1. Ang Kawanihan ng Edukasyong Sekondari sa pamamagitan ng Sangay sa Pagpapaunlad ng Kurikulum ay patuloy sa pagsasagawa ng mga gawaing magpapayaman sa kurikulum sa Filipino upang patuloy na matugunan ang kahingian ng 2002 Basic Education Curriculum bilang isang larangan.

2. Isa sa mga gawaing nabanggit ay ang pagsasagawa ng mga konsultasyon at kumperensiya sa pagpapayaman ng mga Kasanayang Pampagkatuto sa Filipino sa Antas Sekondari na nilahukan ng mga piniling eksperto sa larangan ng pagpapaunlad ng wika at panitikan mula sa iba't ibang pamantasan, rehiyon at mga paaralang pampubliko at pribado.

3. Batay sa kinalalabasan ng mga isinagawang konsultasyon at kumperensiya, kalakip nito ang mga Isinaayos na Mga Panlahat at Tiyak na Kasanayang Pampagkatuto sa 2002 BEC-Filipino mula Unang Taon hanggang Ikaapat na Taon sa Antas Sekondari.

4. Hinihiling ang dagliang pagpaparating sa mga kinauukulan ng mga impormasyong nakapaloob sa Kautusang ito.

**JESLI A. LAPUS**
Kalihim

Kalakip: Gaya ng nasasaad
Sanggunian: Wala
Pamumudmod: 1—(D.O. 50-97)
Ilalagay sa Palagiang Talatuntunan
sa ilalim ng mga sumusunod na paksa:

CURRICULUM
Learning Area, FILIPINO

SECONDARY EDUCATION

Sally: 2002 BEC-FILIPINO
Agosto 7, 2008

# MGA PANLAHAT AT TIYAK NA KASANAYANG PAMPAGKATUTO SA FILIPINO

## UNANG TAON

**Sa pagtatapos ng unang taon, ang isang mag-aaral ay nararapat na nagtataglay na ng sapat na kaalaman at kasanayan sa mabisang pakikipagtalastasang akademiko sa tulong ng mapanuring pagbasa ng iba't ibang uri ng teksto at angkop na mga elementong pangretorika**

**A. PAKIKINIG**

**1. Nalilinaw ang batayang proseso sa mabisang pakikinig**

1.1 Naihahanda ang sarili sa pakikinggang mensahe sa pamamagitan ng pag-alam sa paksa at sa konteksto nito
1.2 Natutukoy ang kabuluhan at kaugnayan ng paksa sa taong/mga taong panggagalingan ng mensahe
1.3 Naipamamalas sa ekspresyon ng mukha, galaw ng mata at katawan ang pagpokus ng atensyon sa pinakikinggan
1.4 Nakatutugon sa napakinggan sa pamamagitan ng di-verbal na paraan (pagtango, pagngiti, pagkunot ng noo, pag-iling, pagpalakpak, atbp.)
1.5 Nakapagbibigay ng sariling reaksyon (verbal) sa pinakinggan sa tamang panahon at sitwasyon
1.6 Nakagagamit ng mekanismo sa pagtanda/paggunita sa pinakinggan (hal. Paggamit ng akronim – SMART)

**2. Napauunlad ang kasanayan sa pag-unawa sa diskursong pinakinggan**

2.1 Nalilinaw ang ideya batay sa:
- dami o lawak
- tiyak o di-tiyak
- lokasyon o direksyon
- sanhi o bunga

2.2 Nakapaghahambing sa isang usapan ang mga tuwiran/ di-tuwirang pahayag

2.3 Nasusundan ang daloy ng pinakinggan kung paano ito
- nakapagsisimula (nagtatanong, nagbababala, sumasang-ayon, atbp.)
- nakapagpapatuloy (nagdaragdag, nagpapahalaga, nagpapalutang ng ideya, nagbabawas)
- nagwawakas ( nagtatanong, nagbubuod, atbp)

2.4 Nabibigyang-diin ang mahahalagang punto sa diskursong pinakinggan:
- personahe
- datos/istadistika
- pangyayari/kaganapan (events)
- sipi

2.5 Natutukoy sa pinakinggang diskurso ang mga pahayag na:
- naglilinaw sa pangunahing ideya
- nagpapakilala ng ideya
- nagpapatibay ng ideya
- naglilipat ng isang ideya sa bagong ideya

2.6 Natutukoy ang mga susing salita (key words) na nagpapahayag ng paksa at proposisyon

2.7 Natutukoy ang angkop na punto sa isang teksto na may
- koordinasyon ng magkakaugnay na impormasyon
- maayos na pagkakasunud-sunod ng mga nagsasalungatang ideya

2.8 Natutukoy ang pag-uugnay ng mga pangungusap sa loob ng tekstong pinakinggan sa pamamagitan ng salita/parirala ng nagpapahayag kung ito'y:
- pagkakasunud-sunod ng pangyayari (kronolohikal)
- pagkakasunud-sunod ng ideya (lohikal)
- pagbibigay-diin
- pagtutulad/pag-iiba

2.9 Natutukoy ang mga pahayag na nagpapakita ng intensyon ng nagsasalita tulad ng:
- naglilinaw
- nagbababala
- nagpapayo
- nangangatwiran
- nanghihikayat
- atbp

**3 Napalalalim ang pag-unawa sa diskursong pinakinggan sa pamamagitan ng pagsusuri sa nilalaman nito**

3.1 Nasusuri kung may sapat na kaalaman sa paksa ang nagsasalita

3.2 Natitiyak kung ang pinakinggang proposisyon ay matibay o hindi

3.3 Natitiyak kung ang mga konsepto ay malinaw ayon sa konteksto nito
- paksang tinatalakay
- larangang kinabibilangan ng paksa (hal. Sosyolohiya)

3.4 Nasusuri ang level ng kahalagahan ng impormasyon

3.5 Natitiyak ang maaaring kalabasan ng ideyang tinatalakay batay sa intensyon ng nagsasalita

**4. Nakagagawa ng sariling pag-ayos ng mga ideyang pinakinggan**

4.1 Nabubuod ang teksto batay sa mahahalagang punto

4.2 Naisasagawa ang pagtatala ng napakinggang impormasyon sa pamamagitan ng hawig (paraphrase)

4.3 Naililipat ang impormasyon mula sa diskursong napakinggan tungo sa iba pang anyo (transcoding)

5. **Nakapaglalahad ng sariling reaksyon (pasalita o pasulat) sa mga ideyang pinakinggan**

   5.1 Naipaliliwanag ang katwiran sa pagsalungat o pagsang-ayon sa ideyang pinakinggan
   5.2 Nakabubuo ng mga tiyak na paninindigan kaugnay sa pinakinggan
   5.3 Nakabubuo ng mga angkop na tanong sa mensaheng napakinggan
   5.4 Napipili ang angkop na ekspresyon/pananalita sa pagpapahayag ng sariling puna
   5.5 Nakagagawa ng angkop na pagwawasto sa mga inaakalang maling pananaw o impormasyong napakinggan

## B. PAGSASALITA

1. **Nakapagpapahayag ng ideya o opinyon gamit ang kaalamang gramatikal**

   1.1 Naisasaalang-alang ang tono, diin, haba at antala sa pagpapahayag.
   Hal. Kain na.
   Kain na?
   Kain na!
   1.2 Nakabubuo ng iba't ibang salita batay sa punong salita sa pamamagitan ng:
   - paglalapi
   - pag-uulit
   - pagtatambal

   1.3 Nagagamit nang wasto ang mga salitang may diptonggo at klaster
   1.4 Nakagagamit nang angkop na mga salitang hiram
   1.5 Nakagagamit ng mga salitang may pagbabagong morpoponemiko tulad ng:
   - asimilasyon
   - pagpapalit ng ponema
   - paglilipat-diin
   - pagkakaltas ng ponema

   1.6 Nagagamit nang wasto ang iba't ibang modal (hal. dapat, puwede, basta, maaari) ng Filipino
   1.7 Nakagagamit ng angkop na bahagi ng panalita sa pagbuo ng:
   - paksa ng pangungusap
   - panaguri ng pangungusap

1.8 Nasusuri ang mga sangkap o elemento ng pangungusap gamit ang pandiwa

1.9 Natutukoy sa loob ng pangungusap ang mga pandiwa, kumplemento at pokus nito tulad ng:
- kumplemento/pokus aktor: tagaganap
- kumplemento/pokus layon: objek/gol
- kumplemeto/pokus ganapan: lokatib
- atbp

1.10 Nakabubuo ng pangungusap batay sa anyo nito:
- payak
- tambalan
- hugnayan
- langkapan

**2. Nakapagpapahayag ng ideya o opinyon nang mabisa gamit ang mga elementong retorikal at kasanayan sa komunikasyong verbal**

2.1 Nakabubuo ng iba't ibang uri ng pangungusap batay sa layon tulad ng:
- naglalarawan
- nagsasalaysay
- naglalahad
- nangangatwiran

2.2 Nagagamit nang malinaw ang mga pangungusap na nagpapahayag ng:
- damdamin
- ideya
- kaisipan
- mensahe

2.3 Nakagagamit ng angkop na mga:
- Simbolo (hal. Bandila)
- Imahe (hal. kahirapan: namamalimos)
- pahiwatig (hal. Alas dose! Oras ng tanghali)

2.4 Nakabubuo ng mga pahayag mula sa dalawa o higit pang ideya

2.5 Napag-iiba sa pagpapahayag ang mga salita/pangungusap na nagsasaad ng:
- ideyang batay sa katotohanan (facts)
- opinyon

2.6 Nakabubuo ng mga pangungusap na:

2.6.1 Naglilinaw ng ideya
- nagpapakilala ng ideya
- nagpapatibay ng isang ideya
- naglilipat ng ideya sa bagong ideya
- nagwawakas ng ideya

2.6.2 Nagtitiyak sa ideya kung ito'y pangunahin/di-pangunahin

2.6.3 Nagpapahayag ng palagay na:
- kasiya-siya
- di kasiya-siya

2.6.4 Nagpapakilala ng:
- pagkakatulad ng ideya
- pagsasalungatan ng ideya

2.7 Nalilinaw ang kahulugan ng mga salita at konsepto

2.8 Napipili ang angkop na ekspresyon/pananalita sa pagpapahayag ng:
- panukala
- pagpuna
- pagsang-ayon
- pagsalungat
- positibong/negatibong pananaw
- paninindigan

2.9 Nailalahad nang wasto ang pagkakasunud-sunod ng mga pangyayaring isinalaysay

## C. PAGBASA

**1. Napauunlad ang kasanayan sa pagbasa sa pamamagitan ng pagtiyak sa kahulugan ng mga salita ayon sa:**
- pagkakagamit sa pangungusap
- denotasyon/konotasyon
- tindi ng pagpapakahulugan
- pagsasalungatan ayon sa:
    - kumplementaryo (hal. lalaki-babae, buhay-patay)
    - antas o sukat (hal. malaki-maliit, malamig-mainit)
    - tugunan (hal. nagtinda-bumili, nagbigay-tumanggap)
    - pagkakaiba-iba ng kahulugan (higit sa isang kahulugan)
    - talinghaga at idyom

**2. Nagagamit ang dating kaalaman sa pag-unawa at pagpapakahulugan sa mga kaisipan sa teksto**

2.1 Naiuugnay ang mga kaisipan sa tekstong binasa sa mga pansariling karanasan:
- aktwal na naranasan
- nasaksihan
- napakinggan/nabasa

2.2 Nakapaghihinuha sa mga opinyong binanggit sa teksto

2.3 Nagagamit ang dating kaalaman sa pagbibigay-solusyon sa mga suliranin

2.4 Naiuugnay ang pinakamalapit na pansariling karanasan sa mga karanasang inilahad sa teksto

2.5 Nakabubuo ng katwiran sa pagiging:
- makatotohanan ng teksto
- di-makatotohanan ng teksto

**3. Nalilinang ang pag-unawa sa tekstong binasa**

3.1 Nahihinuha ang paksa ng teksto na di-tuwirang inilahad sa tulong ng:
- pamagat
- pangunahing kaisipan
- simula
- wakas

3.2 Naipaliliwanag ang mga impormasyong ipinahahayag sa tekstong ekspositori sa tulong ng:
- dayagram
- grap
- tsart
- mapa
- mga kauri nito

3.3 Natutukoy ang sanhi at bunga ng mga pangyayari sa tulong ng magkakaugnay na pahayag

3.4 Natutukoy ang mga positibo at negatibong opinyon sa loob ng teksto

3.5 Nakabubuo ng pansariling opinyon batay sa mga ideyang inilahad sa teksto

3.6 Nabubuod ang tekstong binasa sa tulong ng pangunahin at pantulong na detalye

3.7 Nakapagbibigay ng alternatibong pamagat ng teksto

**4. Napauunlad ang kasanayan sa anatikal at kritikal na pagsusuri sa tekstong binasa**

4.1 Natutukoy ang istruktura ng teksto

4.1.1 Nakikilala ang kayariang balangkas ng mga tekstong:
- Deskriptiv (naglalarawan)
- Narativ (nagsasalaysay)
- Ekspositori (naglalahad)
- Argumentativ (nangangatwiran)

4.1.2 Natutukoy ang tono ng teksto

4.1.3 Nasusuri ang tekstong binasa batay sa:
- istilo sa pagbubuo ng mga salita
- istilo sa pagbubuo ng mga pangungusap
- istilo sa pagbubuo ng talata

4.1.4 Nakikilala ang pangunahing ideya sa isang pahayag sa pamamagitan ng:
- paraan ng paglalahad
- pangwakas na pagbibigay-diin

- paksang pangungusap sa mga pahayag na pabuod
- paksang pangungusap sa mga pahayag na pasaklaw

4.1.5 Naibibigay ang wastong hinuha sa:
- pangyayari
- kaalaman
- pakay o motiv
- layon ng may-akda

**4.2 Nailalapat ang karanasang pansarili at panlipunan sa nilalaman ng teksto**

4.2.1 Nalalagom ang mga impormasyong nakapaloob sa binasa sa sariling pagpapakahulugan

4.2.2 Naibabahagi ang sariling pananaw sa katangian ng teksto ayon sa:
- kaangkupan sa lipunan
- pagkamakatotohanan
- pagka-kapani-paniwala

4.2.3 Naihahambing ang mga kaisipang inilahad sa teksto sa:
- pamantayang pansarili
- pamantayang galing sa ibang tao
- sinasabi ng ibang tekstong nabasa

4.2.4 Nabibigyang-impresyon ang kahihinatnan ng mga pangyayari sa pamamagitan ng:
- pagbuo ng sariling wakas
- pagbabago ng wakas

D. PAGSULAT

**1. Nailalapat sa tamang proseso sa anumang gawain sa pagsulat**

**1.1 Bago sumulat**
- Naisasagawa ang iba't ibang teknik sa pagpili at pagtiyak sa paksang isusulat
- Nagagamit ang iba't ibang istratehiya sa pangangalap ng mga ideya tulad ng:
  - mabilisang pagsulat
  - brainstorming
  - role playing
  - at iba pa
- Natitiyak ang layunin para sa isasagawang sulatin
- Natutukoy ang target na tagabasa ng gagawing pagsulat

1.2 **Habang sumusulat**

- Nakabubuo ng balangkas sa tulong ng mga ideyang nabuo o nakalap
- Nakasusulat ng unang burador (draft) batay sa binuong balangkas
- Naisasagawa ang nararapat na pagrerebisa ng burador habang isinasagawa ang pagsulat
- Naisasangguni sa ilang kamag-aaral/guro ang burador na binuo para sa ilang mungkahi o pagdaragdag
- Nakasusulat ng isa o mahigit pa sa isang burador

1.3 **Pagkatapos sumulat**

- Naibabahagi sa iba ang nabuong sulatin o komposisyon sa pamamagitan ng:
    - pagdidispley sa bulletin board
    - paggawa ng isang antolohiya o kalipunan
    - paglalathala ng isinulat
    - pagdaraos ng Araw ng mga Manunulat (authors' day )
    - at iba pa

2. **Nagagamit ang mga tiyak na pamantayan at pamamaraan sa pagsulat ng maayos, mabisa at masining na:**

- anekdota
- talambuhay
- tulang talambuhay (Bio poem)
- talaarawan
- iba't ibang uri ng liham
- iba pa

## MGA KOMPETENSING LILINANGIN SA PAGSUSURI NG IBONG ADARNA

(Inaasahang nabasa na ang buong akda bago ang pagsusuri. Tatalakayin ito nang tuluy-tuloy sa loob ng unang limang (5) linggo ng ikatlong markahan.)

Pangkalahatang layunin sa pagbasa ng akda ang (a) magkaroon ng pangkalahatang kaalaman tungkol sa akda at sa genre at panahong kinabibilangan nito, at (b) mapahalagahan at makalugdan ang buong akda.

1. **Nailalahad ang kaligirang pangkasaysayan ng akda sa pamamagitan ng:**
   - 1.1 pagtukoy sa mga kondisyon sa panahong isinulat ang akda
   - 1.2 pagpapakita ng pag-iral ng kondisyong ito sa kabuuan o ilang bahagi ng akda

2. **Natutukoy ang kakaibang katangian ng akda sa pamamagitan ng:**
   - 2.1 pagbubuod sa akda
   - 1.1 pagtiyak sa mga elementong makikita sa akda kaugnay ng kinabibilangan nitong genre (korido)
   - 1.2 pagtukoy sa mga papel na ginagampanan ng mga tauhan sa akda
   - 1.3 pagbibigay-kahulugan sa mga:
     - matalinghagang kaisipan
     - tayutay
     - simbolo
   - 1.4 paglalahad ng pangunahing kaisipan sa bawat kabanata
   - 1.5 pagtunton sa mga pangyayari sa akda
   - 1.6 pagtukoy sa mga tunggaliang naganap sa akda
   - 1.7 pagtiyak sa tagpuan
   - 1.8 pagtukoy sa wakas ng akda

3. **Nasusuri ang mga kaisipang lutang sa akda gaya ng:**
   - katapatan
   - pagmamahal sa magulang/kapatid
   - pakikipagkapwa
   - pagsusumigasig
   - at iba pa
   - 3.1 Naiisa-isa ang mga bahaging tumitiyak sa mga kasipang lutang sa akda
   - 3.2 Natitiyak ang kabuluhan ng mga kasipang lutang sa akda kaugnay ng mga karanasang:
     - pansarili
     - pampamilya
     - pangkomunidad
     - pambansa
     - pandaigdig

3.3 Naipahahayag ang sariling mga paniniwala at pagpapahalaga kaugnay ng mga kasipang inilahad sa akda
    3.3.1 Nakapaglalahad ng pagsang-ayon at pagsalungat sa mga kaisipang inilahad sa akda

**4. Nasusuri ang akda batay sa iba't ibang lapit at pananaw sa panunuring pampanitikan**

4.1 Naiisa-isa ang mga elementong romantiko na pangunahing katangian ng akda
4.2 Naiisa-isa ang mga elementong klasismo sa ilang bahagi ng akda
4.3 Napatutunayan ang ilang elemento ng humanismo sa ilang bahagi ng akda
4.4 Nakapagpapatunay sa naturalistikong katangian sa ilang bahagi ng akda
4.5 Natutukoy ang mga imaheng ginamit sa akda

**5. Naipakikita ang pagkakaroon ng mas malalim na pagkaunawa sa akda upang mapahalagahan at kalugdan ito nang lubos**

5.1 Nailalahad nang pasalita o pasulat man ang mga pansariling damdamin tungkol sa akda na may kaugnayan sa:
- mga hilig/interes o kawilihan
- kagalakan/kasiglahan
- pagkainip/pagkayamot
- pagkatakot
- pagkapoot
- pagka-aliw/pagkalibang
- at iba pa

5.2 Naipakikita ang pakikiisa at pakikisangkot sa mga tauhan at kaganapan o pangyayari sa akda sa pamamagitan ng pagiging:
- sensitibo
- pagkamahahabagin

5.3 Nakapagbibigay ng sariling puna o reaksyon sa kahusayan ng may-akda sa paggamit ng salita at mga kaukulang pagpapakahulugan sa akda

5.4 Nabibigyang-pansin ang artistikong kakayahan ng may-akda sa paggamit ng mga salitang naglalarawan sa akda

5.5 Nakapaglalarawan sa mga tauhan at pangyayari sa tulong ng imahinasyon at lahat ng pandamdam

5.6 Natutukoy sa akda ang mga:

- tradisyong katutubo at pambansa
- pananaw panrelehiyon
- kaugnay na pangyayari sa kasaysayan
- kaugnay na pangyayari sa kasalukuyan

5.7 Naihahambing ang akda sa ilang katulad na akda na:

- nabasa
- napanood
- napag-aralan sa klase

5.8 Nakagagawa ng pagtatasa sa akda sa pamamagitan ng:

3.6.1 pagsusuri sa pagiging makatotohanan/ di-makatotohanan ng akda

3.6.2 pagbibigay ng sariling solusyon sa mga suliranin ng mga tauhan

5.9 Nakagagawa ng sariling pagawawakas sa akda batay sa:

- posibilidad ng mga pangyayari
- kilos ng mga tauhan
- sariling mga paniniwala, kasipan at pagpapahalaga
- mga tunay na pangyayari sa buhay

**MGA PANLAHAT AT TIYAK NA KASANAYANG PAMPAGKATUTO SA FILIPINO**

## IKALAWANG TAON

**Sa pagtatapos ng ikalawang taon, ang isang mag-aaral ay dapat na nagtataglay na ng kasanayan at kahusayan sa kognitibong pagsusuri ng iba't ibang teksto at nakagagamit ng wasto at angkop na istrukturang gramatikal sa isang akademikong pakikipagtalastasan, pasalita o pasulat man.**

### A. PAKIKINIG

**1. Naisasagawa nang mahusay ang proseso ng pakikinig na may pag-unawa gamit ang verbal at di-verbal na paraan ng pagtugon**

1.1 Naipamalas ang pagbibigay tuon sa sinasabi ng nagsasalita sa pamamagitan ng mga di-verbal na palatandaan
Halimbawa: Nakatuon ang pansin sa nagsasalita.
Hindi nakikipag-usap sa katabi.
Backchannelling cues: pagtango, pagngiti, pag-aayos ng katawan upang higit na marinig ang sinasabi, atbp.

1.2 Natutukoy ang mga panawag-hudyat na ginagamit ng nagsasalita upang:
- magpatuloy
- huminto nang bahagya
- tumigil at magwakas

1.3 Natutukoy ang kaangkupan ng usapan sa tiyak na sitwasyon batay sa:
- lugar (klasrum, koridor, tanggapan)
- kausap (kaklase, kaibigan, guro)
- paksa ( personal, akademiko,ekonomiko )

**2. Napauunlad ang kasanayan sa mapanuring pakikinig**

2.1 Natutukoy ang pangunahing punto at mahahalagang detalye sa napakinggan
2.2 Natutukoy ang layon o intensyon ng nagsasalita
2.3 Natutukoy ang kontradiksyon sa napakinggang pahayag
2.4 Natutukoy ang di-sapat na impormasyon at iba pang pagpapakahulugan ng nagsasalita

2.5 Napag-iiba ang katotohanan (facts) sa mga hinuha (inferences), opinyon at personal na interpretasyon ng nagsasalita at ng nakikinig
2.6 Natutukoy ang mga pagkiling (biases, prejudices) at sariling interes ng nagsasalita
2.7 Naihahambing ang sariling saloobin sa saloobin ng nagsasalita
2.8 Naiuugnay ang pinapaksa ng nagsasalita sa iba pang paksa at karanasan

3. **Nakagagawa ng angkop na pagtugon sa pinakinggang usapan/talakayan**

3.1 Nakukuha ang iba't ibang tala mula sa napakinggan sa pamamagitan ng:
- ugnayang pamaksa (nilalaman)
- pagsulat kung ano ang narinig (dicto-comp)
- ugnayang sunuran (pagkakasunud-sunod)
- pagbibigay-diin o empasis (pagsasalungguhit, asterisko)
- revisyon (pagsisingit, pagbubura)

3.2 Nakabubuo ng makabuluhang tanong batay sa napakinggan
3.3 Nakapaglalahad ng puna ng pagsang-ayon o di- pagsang-ayon sa napakinggan
3.4 Naililipat sa isang grapikong organayzer ang mga impormasyong napakinggan (transkoding)
- dayagram
- grap
- grid

3.5 Naisasagawa ang layon o intensyon ng pinakinggan gaya ng:
- pagsunod sa payo
- pagsunod sa iniuutos
- pagtugon sa pakiusap

## B. PAGSASALITA

1. **Nagagamit ang mga kaalamang gramatikal at retorikal na makatutulong sa pagtatamo ng mabisang pasalitang komunikasyon**

1.1 Natutukoy ang kahulugan ng pahayag na bunga ng tono, diin, haba at antala

Hal. *Hindi,* si Maria ang kumuha. ( Si Maria talaga ang kumuha)
Hindi si Maria ang kumuha. (ibang tao ang kumuha)

1.2 Nagagamit ang mga angkop na salita/pahayag sa:
- pagtanggi
- pagtanggap
- pagpapahayag ng argumento
- pag-iisa-isa
- pagbibigay ng opinyon
- pagbibigay ng proposisyon
- pagbibigay ng alternativ
- pagtutulad ng ideya
- paglalagom

1.3 Nagagamit ang salita/pangungusap ayon sa pormalidad ng pagkakagamit nito
- balbal (hal. parak)
- kolokyal (hal. pulis)
- pormal (hal. alagad ng batas)
- literari (hal. tagapamayapa)

1.4 Nabibigyang-kahulugan ang mga pahayag/pangungusap na nagbibigay-pahiwatig
Hal. Alas dose na. (gutom na)

1.5 Natutukoy sa loob ng pangungusap ang mga pandiwa, kumplemento at pokus nito tulad ng:
- kumplemento/pokus gamit: instrumental
- kumplemento/pokus direksyunal
- kumplemento/pokus sanhi:kausatibo
- kumplemento/pokus tagatanggap/benepaktibo
- atbp

1.6 Nakabubuo ng mga pangungusap na:
- nagpapaliwanag
- nangangatwiran
- nagsasalaysay
- naglalarawan

1.7 Naisasaalang-alang ang mga panuring na ginagamit sa modifikasyon ng pangungusap

1.8 Nakagagawa ng pasalitang sarbey ( hal. pagbubuo ng mga katanungan)

1.9 Nakapagsasagawa ng interbyu

**2. Naipamamalas ang kahusayan sa pagsasalita tungo sa mabisang komunikasyon**

2.1 Nagagamit nang wasto ang angkop na istratehiya sa:
- pagbubukas ng usapan
- paglipat at pagbalik ng usapan
- pagtatapos ng usapan

2.2 Nakapagpapahayag nang wasto ng mga pag-aalinlangan/pag-aatubili/pasubali (hal. maaari, marahil)
2.3 Naipaliliwanag ang pagkakasunud-sunod ng mga hakbang sa pagsasagawa ng isang gawain
2.4 Nailalahad ang mga pagpapasya batay sa mga patunay at katwiran
2.5 Naipahahayag nang maayos ang matinding reaksyon sa mga bagay na di nagugustuhan (pagsasaalang-alang sa damdamin ng kausap)
    Hal. *Tama* – Maaari bang sundin mo ang pila?
    *Mali* - May pila rito, ano!
2.6 Nailalahad nang maayos ang pansariling pananaw, opinyon at saloobin (hal. Sa aking palagay…)

## C. PAGBASA

**1. Napauunlad ang kakayahang umunawa sa binasang teksto sa pamamagitan ng pagkilala sa:**

1.2. kahulugan ng mga salita ayon sa:
  1.2.1 pagkakahawig o pagkakaiba
  - kasingkahulugan/kahawig na kahulugan
  - kasalungat na kahulugan

  1.2.2 talinghaga at idyom
  1.2.3 pagbabagong naganap sa salita dahil sa:
  - pagpapaikli (hal. altanghap)
  - pagsasama/pagtatambal (hal. pedicab)
  - paglalapi
  - pag-uulit

  1.2.4 tindi ng kahulugang ipinapahayag (clining)
    Hal. ngiti, tawa, halakhak, hagalpak
  1.2.5 nakasanayang pagtatambal (kolokasyon) batay sa:
  - katangian (hal. linggwistik, di-tematik)
  - uri hal. simoy ng hangin (malakas na kolokasyon)
    mataas na gusali ( mahinang kolokasyon)
    panhik-panaog, labas-masok ( pirmihang kolokasyon o hindi na maaaring pagpalitin)

  1.2.6 di-lantad na kahulugan ng salita sa pamamagitan ng:
  - halimbawa
  - paliwanag
  - pag-uugnay sa sariling karanasan
  - pahiwatig
  - kontekstong pinaggagamitan
  - mga salita/pahayag na pamilyar o pambansa (hal. mainit) at di-pamilyar o lalawiganin (hal. mabanas)

1.3 Nabibigyang-linaw ang mga ideya sa teksto sa tulong ng mga pananda (markers) tulad ng mga:
   1.3.1 panandang kohesyong leksikal:
   - pag-uulit
   - kasingkahulugan
   - antitesis
   - aposisyon
   - kasalungat
   - kolokasyon
   - superordinate (doktor-siruhano, ob-gyne-pedia)

   1.3.2 panandang kohesyong gramatikal:
   - pagpapatungkol/referensya (anapora/katapora)
   - hambingan
   - pagpapalit
   - elipsis
   - pag-uugnay

   1.3.3 panandang diskurso (discourse markers) na:
   - naghuhudyat ng pagkakasunud-sunod
   - paraan ng pagkakabuo ng diskurso
   - naghuhudyat sa pananaw na ginamit ng may-akda

1.4 Natutukoy ang uring kinabibilangan ng teksto
   - Deskriptiv (naglalarawan)
   - Narativ (nagsasalaysay)
   - Ekspositori (naglalahad)
   - Argumentativ (nangangatwiran)

1.5 Napipili ang pangunahin at pantulong na mga ideya o kaisipang nakasaad sa binasa

1.6 Nahihinuha ang pamaksang diwa ng teksto

1.7 Naiisa-isa ang mga tiyak na layon ng teksto

1.8 Naiisa-isa ang mga positibo at negatibong pahayag (pang-abay na panang-ayon/pananggi)

1.9 Nakikilala ang tono ng teksto sa tulong ng mga tiyak na bahagi nito

1.10 Nahihinuha ang sanhi at bunga ng mga pangyayari

1.11 Napapangkat ang magkakatulad na mga ideya

1.12 Napagsasama-sama ang mga magkakasalungat na ideya

1.13 Naihahambing ang teksto sa iba pang uri ng teksto batay sa:
   - paksa
   - layon
   - tono
   - pananaw
   - paraan ng pagkakasulat
   - pagbubuo ng salita
   - pagbubuo ng pangungusap
   - pagtatalata

2. **Nakagagawa ng mga gawaing magpapatunay sa mapanuring pagbasa ng teksto**
    2.1 Nakabubuo ng balangkas ng binasang teksto
    2.2 Nakabubuo ng sintesis ng mga kaisipan o ideyang nakapaloob sa teksto
    2.3 Nakapagbibigay ng impresyon sa teksto kaugnay ng:
    - paksa/tema
    - tono
    - layon
    - gamit ng mga salita

    2.4 Nakabubuo ng hinuha batay sa:
    - mga ideya/pangyayari sa teksto
    - dating kaalamang kaugnay sa binasa

    2.5 Naibibigay ang kaugnayan ng teksto sa:
    - sarili
    - kapaligiran
    - ibang tao

    2.6 Nakapangangatwiran sa napiling alternatibong solusyon o proposisyon sa suliraning inilahad sa teksto
    2.7 Nakabubuo ng sariling wakas ng teksto
    2.8 Nakapagbibigay ng sariling pamagat ng teksto
    2.9 Nailalarawan sa imaheng biswal ang mga kaisipan o ideyang nakapaloob sa teksto

## D. PAGSULAT

1. **Naisasaalang-alang ang mga kasanayan sa paggamit ng Filipino sa pagsulat ng talata**

    1.1 Nakasusulat ng talata na binubuo ng magkakaugnay na mga pangungusap na nagpapahayag ng isang buong pagkakabuo, palagay o kaisipan
    1.2 Nakabubuo ng talata na may wastong paglulugar ng paksang pangungusap sa:
    - unahan
    - malapit sa unahan
    - katapusan
    - di tuwirang nakalahad

    1.3 Nagagamit ang iba't ibang teknik sa pagpapalawak ng paksa:
    - depinisyon
    - paghahalimbawa
    - pagsusuri
    - paghahawig o pagtutulad
    - sanhi at bunga

1.4 Naisasaayos ang mga pangungusap sa loob at pagitan ng talata upang magkaroon ng kaisahan sa pamamagitan ng:
   - pag-aayos ng mga detalye na lohikal ang pagkakasunud-sunod
   - paggamit ng mga ekspresyong transisyunal
   - paglalahad ng mga pangungusap nang may magkatulad na pagkakabuo

1.5 Napalulutang ang pangunahing ideya at iba pang pansuportang ideya sa pamamagitan ng:
   - paglulugar ng mahahalagang kaisipan sa unahan o hulihan ng talata
   - pagsasaayos ng mga detalye mula sa di-makahulugan tungo sa pinaka-makahulugan

**2. Naipakikita ang kasanayan sa pagsulat ng komposisyon**

2.1 Naisasaalang-alang ang sariling karanasan at kawilihan sa pagpili ng paksa

2.2 Naisasagawa ang angkop na paraan ng paglilista ng paksa

2.3 Nailalahad nang maayos ang mga kaisipan upang malinaw na makita sa target na mambabasa ang ugnayan ng mga ito sa loob ng talata sa pamamagitan ng:
   - kronolohikal na pagkakasunud-sunod
   - lohikal na pagkakasunud-sunod patungo sa di alam; tangi patungo sa kalahatan; payak patungo sa pagiging masalimuot at mula sa abstrak patungong kongkreto
   - pag-aayos batay sa kahalagahan ng mga ideya

2.4 Nakabubuo ng isang balangkas upang maipakita nang malinaw ang sariling ideya at intensyon sa pagbuo ng komposisyon

2.5 Nakapipili ng pamagat na may dating ng pagiging orihinal at may pang-akit sa target na mambabasa

2.6 Nagagawang kawili-wili ang panimula ng komposisyon sa pamamagitan ng isang:
   - kaakit-akit na pahayag
   - napapanahong sipi o banggit
   - anekdota
   - serye ng mga tanong at iba pa

2.7 Nawawakasan ang komposisyon nang may pangkalahatang impresyon sa pamamagitan ng:
- pagbubuod
- makabuluhang obserbasyon
- kaisipang hango sa binuong komposisyon

3. **Naipakikita ang kasanayan sa pagsulat ng isang tiyak na uri ng paglalahad**

3.1 Naisasaalang-alang ang mga kailanganin sa pagsulat ng balita
- 3.1.1 Nakikilala ang mga tiyak na pamantayan sa pagsulat ng balita
- 3.1.2 Nakasusulat ng balita batay sa nakalap na mga impormasyon

3.2 Naisasaalang-alang ang mga kailanganin sa pagsulat ng editoryal
- 3.2.1 Nakapag-uuri-uri ng editoryal batay sa mga tiyak na katangian nito
